


Tingnan natin ang KIKIKURU!

Malalaman mo kung nasa panganib ka “ngayon” .



Screen ng KIKIKURU



Dito mo ito makikita

Ipinapakita sa mapa ang antas ng panganib ng malakas na ulan gamit ang **limang** kulay.

Malalaman mo kung **papalapit** na ang **panganib**.



Mataas

Napipintong sakuna.....Antas 5

Antas ng panganib

Panganib.....Antas 4

Babala Antas 3

Abiso Antas 2

Mababa

(Kahit walang kulay) Bigyang-pansin ang mga susunod na impormasyon.

Lumikas bago umabot sa puntong ito!

Mahalagang Paalala

— Sabihin mo rin ito sa iyong pamilya. —

- Suriin nang maaga ang mga mapanganib na lugar sa paligid ng inyong tahanan sa pamamagitan ng **hazard map** o **website ng lokal na pamahalaan**.
- Kapag inaasahang magkakaroon ng sakuna, tingnan ang inilabas na impormasyon ng panahon para sa pag-iwas sa sakuna at ang **KIKIKURU** upang malaman ang sitwasyon. Sundin ang impormasyon ng lokal na pamahalaan tungkol sa paglikas at agad na tiyakin ang inyong kaligtasan.

<Paano tingnan at alamin ang impormasyon>

Makikita ang impormasyon ng panahon para sa pag-iwas sa sakuna sa **website ng Japan Meteorological Agency (JMA)**.



Website ng Japan Meteorological Agency (JMA)

Mahalaga ito



ぎふけんちょう
岐阜県庁
GIFU Prefectural Office

〒500-8570 2-1-1 Yabutaminami, Gifu-shi, Gifu-ken
Seksiyon ng Pagpapalano para sa Pag-iwas sa Sakuna,
Dibisyon ng Pag-iwas sa Sakuna,
Departamento ng Pamamahala sa Krisis, Prepektura ng Gifu
Telepono: 058-272-1111 (Pangunahing Linya) Lokal 2838
FAX: 058-278-2522 (para sa mga taong may kapansanan sa pandinig)

Protektahan ang iyong sarili mula sa mga sakunang dulot ng malakas na ulan

Guide book

~ Paano gamitin ang impormasyon ng panahon para sa pag-iwas sa sakuna ~

Quiz ni Harerun!

Ang mga babala at iba pang impormasyon ay may magkakaibang kulay. Anong kulay ang nangangahulugang “Kailangang lumikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar” ?

①

Puti

②

Dilaw

③

Pula


④

Lila

⑤

Itim

Nasa isang bahagi ng leaflet na ito ang sagot ♪



Mascot ng Japan Meteorological Agency : Harerun



ぎふちほうきしょうだい
岐阜地方気象台
Gifu Local Meteorological Office



ぎふけんちょう
岐阜県庁
GIFU Prefectural Office

Ano-anong sakuna kaya ang maaaring mangyari?



Pag-apaw ng ilog

Umaapaw ang tubig ng ilog

Mapanganib **malapit sa ilog**



Kapag umapaw ang ilog, maaaring bahain ang mga gusali o matangay ang mga ito.

Malakas na ulan

Malakas ang buhos ng ulan

Mapanganib **sa mabababang lugar**



Kapag malakas ang ulan, maaaring bahain ang mga mabababang lugar tulad ng mga kalsadang nasa ilalim ng riles at mga basement.

Pagguho ng lupa

Gumuguho ang bangin

Mapanganib **malapit sa bundok o bangin**



Maaaring gumuho ang bundok o dalisdis, at umagos pababa ang mga bato at lupa.

Daluyong ng bagyo (storm surge)

Umaapaw ang tubig-dagat

Mapanganib **malapit sa dagat**



Tumataas ang tubig-dagat kapag papalapit ang bagyo o iba pang sama ng panahon. Kapag nagkaroon ng daluyong ng bagyo, maaaring lumampas sa dike ang tubig-dagat.

Paano lumikas



■ Lumikas patungo sa ligtas na lugar bago mangyari ang sakuna.



■ Kung mahirap lumikas mula sa iyong bahay,
① Pagguho ng lupa ► Pumunta sa isang silid na malayo sa bundok o bangin
② Pag-apaw ng ilog / malakas na ulan / daluyong ng bagyo ► Pumunta sa lugar na mas mataas hangga't maaari

Para makalikas ka agad, gamitin ang **hazard map** at alamin nang maaga kung saan at anong uri ng sakuna ang mas malamang na mangyari!




Halimbawa ng hazard map



Suriin dito

Tandaan natin ang limang antas ng panganib at mga uri ng impormasyon

Sa impormasyon tungkol sa “pag-apaw ng ilog,” “malakas na ulan,” “pagguho ng lupa,” at “daluyong ng bagyo,” makikita sa **kulay** at sa **antas** kung gaano kapanganib ang situwasyon.



Puti

Antas 1: Maagang Abiso

Bigyang-pansin ang mga susunod na impormasyon.



Dilaw

Antas 2: Abiso

Pag-usapan kasama ang iyong pamilya kung anong mga panganib ang maaaring mangyari at kung paano lilikas.



Pula

Antas 3: Babala

Hikayatin ang mga taong mas matagal makalikas, gaya ng mga matatanda, na lumikas nang maaga.



Lila

Antas 4: Kagyat na Babala (Urgent Warning)

Maaaring mangyari ang sakuna anumang oras. Agad na lumikas mula sa mapanganib na lugar.



► Tiyaking nakalikas ka na bago umabot dito!!!

Itim

Antas 5: Babalang Pang-emerhensiya (Emergency Warning)

Maaaring nangyayari na ang pag-apaw ng ilog o pagguho ng lupa! Pumunta agad sa anumang lugar na mas ligtas.



Pumunta sa silid na malayo sa bangin o dalisdis. Umakyat sa pinakamataas na lugar sa loob ng gusali hangga't maaari.